Paano Magbukas ng Bank Account at Magpadala ng Pera sa Japan

金融庁

フィリピノ語

Paggawa ng Account

Maaaring gumawa ng account sa mga sumusunod na pinansyal na institusyon kabilang na ang bangko:

- Bangko
- Shinkin Bank
- Shinkumi Bank (Credit Cooperatives)
- JA Bank
- JF Marine Bank
- Labor Bank

Kapag magbubukas ng bank account, kinakailangang magpakita ng mga sumusunod na bagay.

(Ang mga bagay na kailangang ipakita ay maaaring mag-iba depende sa institusyong pampinansyal.)

Residence Card
Passport

Hanko o stamp ng pangalan
(o lagda sa ilang mga bangko)

Company ID o School ID
(kung wala ang mga ito, magsama ng tao mula sa kompanya o paaralan)

Ang mga institusyong pampinansyal ay may tungkuling ipatupad ang hangarin ng payamanang internasyonal at layunin ng batas na hindi magamit ang kanilang mga produkto at serbisyo sa gawaing tinatawag na “money laundering” o di kaya mga aktibidad ng mga terorista o kaya magpapalawak ng terorismo. Sa pagpapatupad ng nasabing hangarin at layunin, sa pagkakataon ng pagbubukas ng bank account, o kaya pagkatapos mabigyan kayo nito, kukumpirmahin ng institusyong pampinansyal kung totoo ang mga ilang impormasyon, katulad ng inyong pangalan, tirahan, ang uri ng inyong kuwalipiksayon tungkol sa inyong pamamalagi sa bansang Hapon at ang kahabaan nito, ang kalagayan ng inyong pagtratrabaho, at iba pa. Kapag hindi nakumprima ng institusyong pampinansyal ang anuman sa mga nasabing impormasyon, maaaring hindi kayo pahintulutang magbukas ng bank account, o kaya’y hindi ninyo magagamit ito.

Ipaalam sa bangko o ang pinansyal institusyon kapag nangyari ang alinman sa mga sumusunod:

- ✔ Pagbabago sa address o sa hangganan o status ng paninirahan
- ✔ Pagtigil sa pagtatrabaho o pag-aaral
- ✔ Pagkawala ng passbook o ATM card
- ✔ Pag-uwi sa sariling bansa (Isara ang bank account.)

Pagpapadala ng Pera sa Ibang Bansa



- ▶ Maaaring kailangan ang dokumento na nagpapakita ng layunin o nilalaman ng pagpapadala ng pera.
- ▶ Maaaring maging matagal bago dumating ang ipinadalang pera.

Huwag gamitin ang bangko/money transfer service provider na hindi binibigyan ng awtorisasyon ng Financial Services Agency dahil labag sila sa batas. Maaaring tingnan ang listahan ng bangko/money transfer service provider sa website ng Financial Services Agency.

(maaaring matagpuan mula sa 2D code sa ibaba)

Depende sa bangko/money transfer service provider kung puwedeng magpadala ng pera sa ibang bansa at kung sa anong bansa/rehiyon sila puwedeng magpadala ng pera. Mangyaring magtanong sa bangko/money transfer service provider para sa detalye.

Ang money laundering ay isang paglabag sa batas na kung saan naitatatago ang pagkakakilanlan ng perang konektado sa isang krimen.



- Kung may problema tungkol sa paggamit ng account o sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa, mangyari lamang na kumonsulta sa tao mula sa iyong kompanya o paaralan.
- Kapag hindi nakakasiguro kung legal ang isang organisasyon, huwag gamitin ang mga serbisyo nito at mangyari lamang na kumonsulta sa tao mula sa iyong kompanya o paaralan.
- **Kung gumawa ka ng isang bagay na labag sa batas, tulad ng pagbibigay ng iyong account sa iba, maaring hindi ka na pwedeng manatili sa Japan o makabalik muli sa Japan.**

(Binago: Setyembre 2024)

Contact Information ng Financial Services Agency

(Oras ng Operasyon : 10a.m–5p.m., Lunes hanggang Biyernes)

Sentro para sa konsultasyon ng mga gumagamit ng mga serbisyong pinansyal

0570-016811 (Para sa mga IP phone 03-5251-6811)

* Hindi kami nag-aalok ng mga serbisyong konsultasyon sa Tagalog, kaya mangyaring makipag-ugnayan lamang sa amin sa pamamagitan ng isang tao na nakakaunawa sa salitang Hapon.

One-stop Help Desk (Ingles) equestion@fsa.go.jp